

# Sa mga Bukirin ng Flanders

Sa mga bukirin ng Flanders, ang mga poppy ay sumasayaw
Sa pagitan ng mga krus, sunod-sunod ang hanay,
Na siyang palatandaan ng aming himlayan; at sa langit,
Ang mga ibon, patuloy na matapang na umaawit, lumilipad
Halos di na marinig ang awit sa gitna ng putukan sa ibaba.

Kami ang mga Yumao.
Ilang araw pa lang ang lumipas
Nabuhay kami, dama ang umaga, nasilayan ang paglubog ng araw,
Nagmahal kami, at kami'y minahal, pero ngayo'y nakahimlay na kami
Sa mga Bukirin ng Flanders.

Ipagpatuloy ninyo ang aming pakikibaka laban sa kaaway:
Mula sa aming nanghihinang mga kamay, iniaabot namin sa inyo
Ang sulo; sa inyo na ang dangal na itaas ito.
Kung tatalikuran ninyo ang aming sinumpaang layunin,
Hindi kami matatahimik, kahit na tumubo ang mga poppy
Sa mga Bukirin ng Flanders.

Orihinal na tulang Ingles na isinulat ni John McCrae, 1915